Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Ipagdiwang ang Tree Month sa Brampton nitong Setyembre!

BRAMPTON, ON (Setyembre 1, 2023) – Sumama sa Lungsod ng Brampton para sa Tree Month (Buwan ng Punong-kahoy), na inisponsor ng CN, at ipagdiwang ang ating green city at ang magagandang punong-kahoy nito! Ang Lungsod at ang mga partner nito ay magho-host ng sari-saring mga programa at event sa buong buwan ng Setyembre upang ipagdiwang ang Tree Month at hikayatin ang mga residente na sumama sa kasiyahan.

**Pagtatanim ng Punong-kahoy at Pamimigay**
Mamimigay ang Lungsod ng 500 punong-kahoy sa mga residente ng Brampton. Maaaring pumunta ang mga residente sa isa sa mga lokasyon sa ibaba upang makatanggap ng libreng punong-kahoy at makatulong sa Brampton na magtanim ng mas maraming punong-kahoy at mas mapalapit sa layon na 1 milyong punong-kahoy bago lumipas ang 2040!

**Setyembre 23:**

- Scout and Community Tree Planting sa Gore Meadows | 10 am – 12 pm
- Tree Giveaway Gore Meadows Rec Centre parking lot | 10 am – 12 pm
- Earnscliffe Rec Centre parking lot | 1 – 3 pm

**Setyembre 24:**

- Jim Archdecken Rec Centre parking lot | 10 am – 12 pm
- Chris Gibson Rec Centre parking lot | 1 – 3 pm

**Mga Event sa Tree Month**

- Setyembre 10 – Tree Bike Tour with Bike Brampton

Hinihikayat ang mga residente na sumali sa pinakaunang patimpalak sa potograpiya sa Tree Month ng Lungsod. Saliksikin ang magagandang trail ng Brampton at kumuha ng litrato ng punong-kahoy para sa inyong pagkakataon na manalo ng isang kopya ng ng Hidden Life of Trees ni Peter Wohllaben.

Nangangailangan ng inspirasyon? Narito ang ilang ideya na titingnan habang nagsasaliksik:

- Isang malapitang kuha ng isang tree leaf
- Isang paboritong punong-kahoy
- Isang punong-kahoy sa inyong bakuran o parke
- Isang woodlot
- Isang espesyal na punong-kahoy na may kwento sa likod nito

Isumite ang inyong mga litrato online sa www.brampton.ca/treemonth. Huwag kalimutan na i-share ang inyong mga litrato sa social media gamit ang #BramptonTrees para sa pagkakataong maitampok sa aming mga channel @CityBrampton at website sa www.brampton.ca/trees!

**Mga pinagmumulan ng punong-kahoy**
Alamin ang lahat tungkol sa mga punong-kahoy at sumali sa Tree Month sa pamamagitan ng paggamit nitong madaling gamiting mga mapagkukunan ng impormasyon sa punong-kahoy:

- Mga Punong-kahoy sa Brampton
- Mga Mungkahi sa Pangangalaga ng Punong-kahoy mula sa Lungsod ng Brampton
- Interactive na Tracking Tool ng Punong-kahoy

- Programa sa Isang Milyong Punong-kahoy
- Tree Canada

**Mga katotohanan sa punong-kahoy ng Brampton**

- Ang Brampton ay kasalukuyang may higit sa tinatayang 3.6 milyong punong-kahoy, at kasalukuyang sumasailalim sa pag-aaral ng Urban Canopy Assessment sa pakikipagutlungan sa Rehiyon ng Peel at sari-saring mga Awtoridad sa Konserbasyon
- Ang Lungsod at mga partner nito – kabilang ang mga awtoridad sa konserbasyon, ang Rehiyon ng Peel, mga school board at ang industriya ng pagpapaunlad – ay nagtanim ng hanggang 40,000 punong-kahoy bawat taon sa Brampton.
- Higit sa quarter na milyong punong-kahoy ang naitamin sa Brampton mula 2014

**Program sa Isang Milyong Punong-kahoy**

Noong Pebrero 2020, inaprubahan ng Konseho ng Brampton ang Programa sa Isang Milyong Punong-kahoy ng Brampton - isang framework para sa Lungsod at sa mga partner nito para dagdagan ang mga inisyatiba ng pagtatanim ng punong-kahoy at matupad ang target na isang milyong punong-kahoy bago lumipas ang 2040.

Bawat isa ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagtulong sa Brampton na makamit ang layon nito na isang milyong bagong punong-kahoy, ang Lungsod man ang nagtatanim nito sa sariling mga property nito, o ang mga residente, negosyo o mga partner ng Lungsod na lumalahok sa mga event ng pagtatanim ng punong-kahoy, pinapalaganap ang salita tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim ng mga punong-kahoy at ang programang Isang Milyong Punong-kahoy ng Brampton, at/o pag-donate ng mga resource para suportahan ang pagtatanim ng punong-kahoy sa lungsod.

**Mga Quote**

"Ang Tree Month ay isang magandang pagkakataon para tayo'y tumuon sa pangangalaga sa ating green city! Hinihikayat ko ang lahat ng residente na makilahok sa buwan na ito at tumulong sa amin sa pagtatanim ng punong-kahoy sa buong komunidad natin. Ang mga punong-kahoy ay nagbibigay ng maraming benepisyo, kabilang ang mas malinis na hangin, nagbabawas sa mga epekto ng climate change, at nagpapaganda sa ating komunidad. Tiyakin na lumabas at ipagdiwang ang Tree Month kasama kami at kunin ang inyong libreng punong-kahoy sa sa mga araw na namimigay ng punong-kahoy!"

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng halos 700,000 tao at higit sa 90,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca